

# Repolyo

## Produksyon ng Repolyo sa Linang

Pamilya ng Brassicae (repolyo, *broccoli*, *cauliflower*, petsay, labanos at mustasa)

### Sunod -tanim

Magtanim lamang ng mga gulay gaya ng talong, pipino, ampalaya, milon, kamatis, *sweet pepper*, letsugas at mais matapos mag-ani ng repolyo. Iwasang magtanim ng gulay na *broccoli*, *cauliflower*, petsay, at labanos.

### Panahon at Lupa

Ang repolyo ay nabubuhay sa anumang uri ng lupang mayaman at magandang klase. Pinakamainam na taniman nito ay lupang mayabo, buhaghag, mayaman sa organiko, may pH na 6-6.8 at sa mataas na lugar (600-1,900 metro buhat sa lebel ng dagat).

### Paghahanda ng Lupa

Araruhin at gayatin ang lupa at muling ulitin pagkaraan ng isang linggo. Pantayin ang lupa at alisin ang mga damo.

Gumawa ng kama na may lapad na .5 metro sa kababaan at gitnang elebasyon at .75 metro naman sa kaitaasang lugar. Bawat kama ay may pagitang .5 metro. Lagyan ang paligid ng taniman ng kanal para daluyan ng tubig.

Diligan ng sapat ang lupa bago taniman. Butasan ng 2 linya kada kama sinlalim ng punlaang *tray*.

**Organikong kilib:** Puedeng lagyan ng 2.5 sentimetro na organikong kilib para mapanatiling basa-basa ang lupa at di tubuan ng damo.

Ang dahon ng hagonoy (*Chromolaena odorata*) ay magaling pangkilib at nakakasugpo rin ng mga sakit. Dayami, ipa, dahon ng kakawate ay puede ring gamiting pangkilib. Ang kilib ay kailangang ilagay sa ibabaw ng kama 1 linggo bago maglipat-tanim.

### Paglilipat-tanim/Pag-istablisa ng pananim

Ang punla ay puede ng ilipat-tanim kung may taas na 10 sentimetro at 3 milimetro na bilog ng puno at napatigas na sa init ng araw. Diligan ang punla bago



Paglilipat-tanim ng repolyo sa linang

alisin sa *tray*. Sa mababa at gitnang elebasyon, itanim ang punla sa .5 metro lapad ng kama, may 2 linya o tudling at sa pagitang 35-40 sentimetro bawat puno. Sa kaitasang elebasyon, ang kama ay .75 -1 metro ang lapad, 3 tudling at 35-40 sentimetro ang pagitan bawat puno.

Lagyan ng kanal sa paligid ng taniman upang daluyan ng tubig.

Ilipat-tanim ang punla sa hapon o maagang-maaga kung kulimlim. Butasan ang lupa sinlalim ng punlaang *tray*, lagyan ng abono at ihalo ito sa lupa upang di dumigit sa ugat ng punla. Itanim ang punla sa butas, takpan ng lupa at marahang idiin ng mapantay ang lupa at maging matatag ang puno.

**Diligan kaagad ang tanim upang magkaroon ng magandang lapat ang ugat sa lupa.** Diligan ng fungicides ang puno ng halaman kung **kinakailangan**.



Pag-ani ng repolyo.



Halimbawa ng nabiyak na ulo ng repolyo dahil sa lampas sa gulang.

## Pangangalaga sa damo

- Bungkalin ang lupa bago taniman upang mabawasan ang damo at di nakatiwangwang ang linang.
- Gumamit ng organikong kilib para mabawasan ang pagdadamo.
- Kung nataniman na, gamasan ang taniman gamit ang panggamas.
- Bombahin ng pamatay-damo (contact o systemic) ang mga kanal at pagitan ng bawat kama.

## Pag-aani ng repolyo

Anihin ang repolyo pag-abot sa 62-65 na araw pagkalipat-tanim (bago mag-*bolting* o mabiyak ang ulo nito) o depende sa barayti. Ang lampas sa gulang na ulo ng repolyo ay nabibiyak. Hindi ito nabebenta. Anihin ang repolyo kapag siksik at matigas na ang ulo nito.

**Gulang ng repolyo:** Ang ulo ng magulang na repolyo ay may sukat na 20-30 sentimetro, siksik at may ubod na kulang o singhaba ng 10 sentimetro (ang paghaba ay ayon sa edad). Ang dahong nakabalot sa ulo ay banat na banat na kagaya ng nasa larawan.

**Pagkahati o biyak ng ulo:** Kapag lumampas na sa gulang ang ulo ng repolyo, ito ay nabibiyak sa gitna. May mga maagang gumulang na barayti na nabibiyak din.

**Pag-aani:** Ang ulo ng repolyo ay pinuputol sa tangkay gamit ang matalas na kutsilyo. Naiiwan sa puno ang ibang dahon at ito ay nagiging kompost oras na mabulok. Mag-iwan ng 3-4 na dahong nakabalot sa ulo para panangga sa ulo. Magandang mag-ani sa umaga kung kailan malamig at masiksik ang mga ulo.

## Pangangalaga sa aning repolyo





Ang repolyo ay maselan at madaling masira kaya pagka-ani, sundin ang mga sumusunod na paraan:

1. **Mag-ani** sa pinakamalamig na oras, sa maagang-maaga o hapon na.
2. **Ilagak** ang mga ani sa malamig na lugar na di naiinitan ng araw.
3. **Alisin** ang mga kakaiba ang anyo at may sira ng kulisap.
4. **Pagsama-samahin** ang mga pare-pareho ang laki ng repolyo, maliit, katamtaman at malaki ayon sa pangangailangan sa palengke. Paghiwalayin ang pag-impake nito ayon sa laki. Mag-iwan ng 3-4 na dahon na nakabalot sa ulo ng repolyo bilang proteksyon nito.
5. Iimpake ang repolyo sa mga karton na may butas o plastik na kahon upang maiwasan ang sira at mapanatili ang kasariwaan nito. Ang pag-iimbak ay nakabawas ng tagal at kalidad ng repolyo.
6. Dalhin agad ang repolyo sa palengke matapos mag-ani at mag-impake.
7. Alamin ang kalagayan ng inyong kalakal na repolyo sa pagdating sa palengke upang lalo pang mapagbuti ang kalidad ng paninda.

## Kasunod na aksyon sa taniman

Ang mga pinag-anihan sa linang ay dapat alisin o bunutin at aruruhin upang di ito tuluyang pamugaran ng mag-pesteng kulisap at mga sakit na kakalat sa iba pang pananim. Ito ay napakahalaga!!!

**Pamamahala sa pag-aabono, patubig, peste at mga sakit**

Yugto ng paglaki ng repolyo					
	Bago magtanim	Pagpupunla/ paglipat-tanim	Pagyabong ng halaman	Pag-uulo ng repolyo	Paggulang ng ulo
					
<b>Pag-aabono</b>	Bago maglipat-tanim, lagyan ng abono sa bawat butas na tataniman at ihalo ito sa lupa. Sa paglaki ng halaman, lagyan ng abono 2.5 sentimetro ang layo sa puno ng halaman. Inatang huwag malagyan ng abono ang mga dahon upang di ito masunog. Ang karagdagang abono ay ilagay kada 2 linggo. Ilagay ang mga sumusunod na dami ng abono kada puno.				
<b>Panahon ng paglalagay</b>	Paglipat-tanim	2 linggo pagkalipat-tanim	4 na linggo pagkalipat-tanim	6 na linggo pagkalipat-tanim	Karagdagang pag-aabono
<b>Dami ng abono</b>	2 kutsara o 20 gramo ng rehistradong organik na abono at 1 kutsara o 10 gramo ng <i>complete</i> (14-14-14 NPK) kada puno; gahukan at diligin pagkatapos	5 gramo ng <i>urea</i> (45-0-0), 3 gramo ng <i>solphos</i> (0-18-0) at 1 gramo ng <i>muriate of potash</i> (0-0-60) kada puno; gahukan at diligin at pagkatapos	5 gramo ng <i>urea</i> (45-0-0), 3 gramo ng <i>solphos</i> (0-18-0) at 1 gramo ng <i>muriate of potash</i> (0-0-60) kada puno; gahukan at diligin at pagkatapos	1.5 kutsara (15 gramo) ng <i>complete</i> (14-14-14); .5 kutsara (5 gramo) ng <i>solphos</i> (0-18-0) kada puno; gahukan at diligin at pagkatapos	1.5 kutsara (15 gramo) ng <i>complete</i> (14-14-14); .5 kutsara (5 gramo) ng <i>solphos</i> (0-18-0) kada puno; gahukan at diligin at pagkatapos
<b>Pagdilig</b>	Linyahan ng tubo ng patubig ang bawat tudling. Ang agwat ng butas ng tubo ay 25 cm o mas malimit pa. Mainam na basaing mabuti ang lupa upang maganda ang pagtubo ng mga ugat ng halaman. Sa umaga lang magdilig, iwasan magdilig sa hapon upang di magkaroon ng pagkalat ng sakit na amag.				
		Diligan kaagad pagkatapos maglipat-tanim. Basaing mabuti ang lupa.	Magdilig 4-6 na oras o hangga't basa na ang lupa kada 2-3 araw.	Magdilig 4-6 oras o hangga't basa na ang lupa kada 3-4 na araw. <b>Huwag hayaang matuyot ang mga halaman.</b>	Magdilig 4-6 oras o hangga't basa na ang lupa kada 3-4 na araw. <b>Huwag hayaang matuyot ang mga halaman.</b>
<b>Peste</b>	Regular na bisitahin at tingnan ang mga talbos at dahon ng halaman kung may peste ito. Mag ispray lamang ng rekomendadong pestisidyo kung kinakailangan.				
		Diamond back moth, cabbage webworm, aphids, cutworm	Diamond back moth, cabbage webworm, aphids, cutworm	Diamond back moth, cabbage webworm, aphids, cutworm	Diamond back moth, cabbage webworm, aphids, cutworm
<b>Sakit</b>	Para mabawasan ang pagkakasakit ng repolyo, gumamit ng malinis at walang sakit na punla. Sa paglipat-tanim, siguruhing malusog at walang sakit at peste ang mga punla.				
		damping off	Black rot, Alternaria rot, damping off, white mould (Sclerotinia)	Black rot, Alternaria rot, damping off, white mould (Sclerotinia) rotinia)	Black rot, Alternaria rot, damping off, white mould (Sclerotinia)



Applied Horticultural Research Pty Ltd (AHR), the Australian Centre for International Agricultural Research (ACIAR) and NSW Department of Primary Industries (NSW DPI) make no representations and expressly disclaims all warranties (to the extent permitted by law) about the accuracy, completeness, or currency of information in this fact sheet. Users of this material should take independent action before relying on it's accuracy in any way. Reliance on any information provided by AHR, ACIAR or NSW DPI is entirely at your own risk. AHR, ACIAR or NSW DPI are not responsible for, and will not be liable for, any loss, damage, claim, expense, cost (including legal costs) or other liability arising in any way from your use or non-use of information in this fact sheet, or from reliance on information AHR, ACIAR or NSW DPI provides to you by any other means.